

# 1

*San Diego*

*Ika-28 ng Hunyo*

*Aba, tingnan mo nga naman.*

Isinandal ni Sam Reston ang balikat sa pader sa pasilyo ng gusali kung saan naroon ang kanyang opisina, saka nagpakabusog.

Naroon ito.

Ang sarili niyang personal wet dream, nakatayo sa pasilyo sa pagitan ng kanilang mga opisina, desperadong naghahalungkat sa isang malaki at mukhang mamahaling purse.

Lahat ng tungkol dito ay mamahalin, may class. Ang pinakamagandang modelo. Napaka-high maintenance din. Iyong klase ng babaeng iniwasan niya nang hindi pinag-iisipan dahil wala siyang panahon o kagustuhan, pero shit, sa babaeng ito, magbibigay siya ng eksepsyon.

Gagawin iyon ng kahit na sinong lalaki.

Si Nicole Pearce, ang pinakamagandang babae sa mundo. Siguradong ang pinakamagandang babaeng nakita *niya*, walang tanong-tanong.

Naaalala ni Sam ang bawat segundo nang sandaling una niya itong makita. Dalawang linggo, tatlong araw at tatlumpung minuto na ang nakalipas. Pero sino ba ang nagbibilang?

Under cover siya, pinapasok ang isang grupo ng smugglers at mga magnanakaw na tumatrabaho sa mga pantalan. Kaya mukhang sanggano si Sam nang unang araw na makita niya si Nicole. Trabaho niya ang *maging* sanggano nitong nakaraang dalawang linggo.

Kapag may ginawa si Sam Reston, ginagawa niya iyon nang mabuti.

Hindi katulad ng sa pelikula ang pag-u-under cover. Kakain ka, magbibihis, aarte, at pati amoy mo ay dapat akma sa parteng gagampanan mo. Habang under cover, bihira siyang maligo o mag-ahit, at sinusuot niya ang parehong damit nang ilang araw. Alam niyang mabagsik na ang amoy niya at mukha siyang mapanganib. Eh, ano pa nga ba? Mapanganib talaga si Sam—makakapatay siya sa galit kapag naiisip niyang wala sa kulungan nang kahit isang araw lang ang mga tarantado na kayang manggahasa ng mga bata.

Derechong tatlumpu't anim na oras na siyang gising at papasok pa lang sa opisina matapos ang isa na namang all-nighter para maligo, magbihis at matulog sa napakakomportable niyang sofa sa opisina, nang makita niya ang babae.

Sa totoo lang, naamoy niya si Nicole bago ito nakita.

Tumunog ang elevator, bumukas ang mga pinto at may mabulaklak na samyo... na kung ano na nanunuot hanggang sa ulo ng mga lalaki para gaguhin ang mga utak ng mga ito, na umabot sa kanya at hinataw siya.

Nakita niya ito nang sumunod na segundo at nanigas siya. Nanigas lang siya. Mayamaya, nang maalis na ni Sam ang pagkakagulo ng utak niya, namangha siya. Dati siyang SEAL hanggang sa mabasag ang eardrum niya, at magaling siya sa pagiging SEAL.

Inaalis ng SEAL training sa isang lalaki ang pagiging magugulatin. Kailangan mong may magaling, matatag na ugat para subukang sumali sa BUD/S. Kung isa ka sa tipong magugulatin, mabilis kang maaalis.

Walang nakakagulat sa kanya, kahit kailan.

Maliban kay Nicole Pearce.

Alam ni Sam na pinaupahan na ang maliit na studio office sa tapat ng sa kanya. Nabanggit iyon sa kanya ng manager ng gusali. Isang translation agency—kahit pa walang alam si Sam kung ano iyon—na pinatatakbo ng isang nanggangalang Nicole Pearce.

Hindi na niya iyon inisip pa.

Nang umaga na iyon, mas pagod, marumi at galit pa siya kaysa sa karaniwan. Mabaho rin siya dahil sa beer at pawis.

Ang pangit ng mood niya, handa nang putulin ang trabaho para mabilis na maipakulong ang pinakamatataas na pinuno ng gang.

Isang segundo matapos dumerecho sa pagkalalaki niya ang nakakamanghang amoy ng babae na puno ng pheromones, nakita niya ito, at huminto ang buo niyang katawan. Hindi siya nakagalaw, hindi nakahinga, nang isa o dalawang segundo.

Buhok na kasing-itim ng hatinggabi, makintab at hanggang balikat, malalaking matang nakakiling pataas ang mga gilid na eksaktong kakulay ng cobalt glass sculpture na tinanggihan niya dahil masyadong mahal para sa kanyang opisina, mga matang may pilik na napakahaba at makapal na kayang gumawa ng hangin, medyo malawak na bibig na may Angelina Jolie dent sa pang-ibabang labi, perpektong derechong ilong, mala-kremang balat.

Fuck-me shoes.

Hindi kapani-paniwalang hugis-hourglass na hubog na ibinuhos sa mahinhing asul na suit na eksaktong kakulay ng mga mata nito at niyayakap ang mga kurbang garantisadong paglalawayin ang mga lalaking nasa loob ng isang milyang rayo.

Bumaling ito para derecho siyang tingnan nang mag-*ping* ang elevator, at susko, ang nagawa lang ni Sam ay tumitig sa nakamamanghang babae na may malalalim na mata.

Mga matang maingat siyang pinanood.

Pagod na pagod si Sam, pero kailangang patay na ang isang lalaki para hindi magising ang hormones kapag nakita ang pinakamagandang babae sa lupa. At lintik, hindi lang ang hormones niya ang nagising.

Instant boner, doon mismo sa sosyal na pasilyo ng mamahaling gusali na pinili niya para maging headquarters ng bago niyang kompanya.

*Shit.*

Buti na lang at suot niya ang pinakamasikip niyang pantalon dahil mukhang naalarma na ang dalaga nang makita siya. Hindi naman niya ito masisisi.

Kinailangan talaga niyang kusutin ang mga mata, siguradong malikmata lang ang nasa kanyang harapan, na baka pambawi sa nakapanghihilakbot na gabi.

Nanlaki ang mga mata ng babae nang makita siya. Alam niya kung ano ang nakikita nito—isang napakalaki, napakalakas, galit na galit na lalaking nakabihis na parang taong-grasa at ganoon din ang amoy.

Sinundan siya ng malalaking cobalt blue nitong mga mata sa bawat hakbang. Humakbang talaga si Nicole paatras nang lumapit si Sam na mas lalo niyang kinainis. Goddamn it, huling-huli sa mga gagawin niya ang manakit ng babae.

Pero imposibleng malaman iyon ng kaharap. Baka bawat

cell sa katawan nito ay sumisigaw ng *panganib*.

Hindi alam ng dalaga na hindi rito nakadirekta ang galit niya, siyempre, kundi sa sistema. Gusto niyang tapusin ang grupo *ngayon na* at ipadala lahat ang mga ito sa bilangguan.

Pero magkaibang-magkaiba ang gusto sa kung ano ang puwedeng makuha. Walang mas may alam niyon kaysa sa kanya. Kaya kinailangan niyang manatiling under cover. At para gawin iyon, kailangan niyang manatili sa 'Sangganoland' nang dalawa pang linggo.

Kaya naman, sa tuwing nakikita siya ni Nicole Pearce, pagod siya at mabalasik at marumi, sa labas at sa loob. Maruming trabaho ang pakikitungo sa mga haragan sa mundo.

Alam niya na habang nasa misyon siya, walang lugar ang kahit ano sa buhay niya, lalo pa ang isang bagay na kasing-ganda ni Nicole Pearce, kaya naghintay siya.

Pero nasa likod na ni Sam ang lahat ng iyon at para pasalamat siya sa kanyang pagtitiyaga, binigyan siya ng isang malaking regalo ng buhay, may kasama pang isang magarang ribbon.

Si Nicole Pearce, sa labas ng opisina nito, maganda gaya ng dati kahit pa may simangot sa mukha nito, naghahalungkat sa bag at bulsa ng jacket, naghahanap ng susi.

Susi para sa pinakamabuway at walang kwentang kandado

na nakita niya.

Aba, may maaari siyang gawin tungkol doon. Pero may bayad.

“Kailangan mo ng tulong?” tanong niya at nagpigil ng ngiti nang halos mapalundag ang babae.

---

“Kailangan mo ng tulong?” tanong ng nakakatakot na sangganong nagtatrabaho para sa security company sa tapat.

Mabilis na bumaling palingon ang ulo ni Nicole Pearce, sumisipa ang puso sa isang mabilis, takot na ritmo sa kanyang dibdib. Susko, naroon ito, matangkad at malapad at misteryoso at mabagsik. At sobrang nakakatakot.

Wala ito roon kanina. Lahat ng nasa palapag niya ay dumarating bago ang oras ng pagbubukas ng kanyang kompanya na 9 A.M. kaya sigurado siyang mag-isa siya habang naghahalungkat sa kanyang purse, tahimik na nagugulilat.

Paanong napakatahimik na kumilos ang ganoon kalaking lalaki? Oo nga’t nakatuon ang isip niya sa trahedya ng *pagkawala ng susi* pero kahit na. Ang laki nito. Di ba dapat gumawa ito ng kahit maliit na ingay?

Kung iisipin, napakatahimik ng lalaki sa mga oras na nakikita niya itong dumarating at umaalis mula sa ipinapalagay niyang opisina nito sa tapat ng pasilyo. Nakakatakot.

Maingat niya itong tiningnan, ang mga kamay ay nasa kanyang malaking purse na madalas ay ginagamit rin niya bilang briefcase.

Nakatayo ito nang nakahalukip, nakasandal sa dingding, malayo ang anyo sa eleganteng pasilyo. Matangkad, sobrang lapad ng mga balikat, malupit, at hindi nakangiti.

Pinili niyang magbayad ng mahal na renta para sa isang maliit na opisina sa mamahaling gusaling malapit sa Petco dahil nagustuhan niya ang sosyal, eleganteng disenyo at dahil, well, napakalakas nitong isinisigaw ang tagumpay, na umasa siyang walang makakarinig ng lumalagutok na tunog ng pagkalugi ng bago niyang kompanya.

Malaking bahagi ng kita ng bago niyang negosyo ang kinukuha ng renta, at napakaliit lang ng opisina, pero gustung-gusto niya iyon. Pinirmahan ni Nicole ang lease kalahating oras matapos iyong ipakita sa kanya ng realtor.

Siyempre, iyon ay bago nagsimulang tambayan ni Sanggano ang mga pasilyo. Tuwing babaling siya, parang naroon ito. Malaki, nakabihis na parang biker. O kung ano ang inisip niyang bihis ng isang biker—malay ba niya? Bihira ang mga biker noong lumalaki siya sa mga konsulado at embahada sa iba't ibang bahagi ng mundo.

May uniporme itong punit at maruming maong, isang dating itim na kamiseta na masyadong maraming beses nang nalabhan



na makutim na iyon, at minsan, isang itim na balat na bomber jacket.

Masyadong mahabang itim na buhok at makapal, magulong itim na balbas na hindi katulad sa designer stubbles ng mga lalaking nagtatrabaho sa ad agency dalawang pinto ang layo mula sa kanya. Hindi, ito ay isang lalaking may makapal na balbas na ilang linggong hindi inahit.

Pero bukod sa hindi pagsunod sa dress at grooming code ng mga yuppies, marami pang kaibahan si Sanggano sa ibang tao sa gusali.

Hindi niya malilimutan kailanman ang unang beses na nakita niya ito sa elevator, nakasandal ang isang braso sa pader, nakatungo ang ulo, mukhang mandirigmang kagagaling lang sa laban.

Iyon nga lang, sa pagkakaalam ni Nicole, wala namang giyerang nagaganap sa downtown San Diego. Naglaho ito sa opisina sa tapat ng pasilyo, nilalampasan ang may kamahalang security, kaya naisip niyang doon ito nagtatrabaho.

Bilang enforcer?

Nadama niya ang pagsusuri nito habang pumapasok at lumalabas siya ng kanyang opisina. Hindi ito lantarang tumititig pero nadarama niya ang atensyon nito sa kanya na parang spotlight.

Pero ngayon, Diyos na mahabagin, siguradong nakatitig ito, nakakrus ang mga braso sa ibabaw ng nakakaloka sa lapad na dibdib, hindi nakangiti, marahas at hindi matinag ang paningin.

“Kailangan mo ng tulong?” tanong nitong muli. Binagayan ng tinig nito ang pangangatawan. Mababa, napakalalim na nagsimula iyon ng pangangatal sa kanyang diaphragm.

Pero baka dahil sa takot ang pangangatal.

*Walang susi.*

Hindi talaga nangyayari ito. Hindi pagkatapos ng Biyahe Galing Impyerno habang papasok sa trabaho. Sa lahat ng araw na pagsasaraduhan niya ang sarili...

“Hindi, kaya ko na ’to.” Inilabas ni Nicole ang mga ngipin sa isang sana ay makita nito bilang isang ngiti, dahil hindi niya *talaga* ito kaya.

Ang wala siya—at ang desperado niyang kailangan—ay ang susi niya sa opisina. Ang susi sa opisinang nasa kanyang pilak na Hermès key fob na regalo ng kanyang ama para sa kanyang kaarawan noong mga panahong kaya pa nitong magtrabaho at maglakad nang mag-isa. Ang mga susing laging nasa bulsa sa harap ng kanyang purse maliban na lang... kapag wala ito roon.

Tulad ngayon.

Pinag-isipan ni Nicole Pearce ang pag-untog ng ulo sa pinto ng opisina pero kahit pa gaano niya kagusto, hindi niya kaya.

Hindi habang nasa ilalim siya ng madilim at masidhing paningin ni Sanggano. Hindi niya iyon gagawin hangga't hindi ito umaalis.

Nanood ito habang minsan pa niyang tiningnan ang mga balsa ng kanyang linen jacket, una ang isa pagkatapos ang kabila, pagkatapos ay ang kanyang purse, nang paulit-ulit.

Wala.

Kalagim-lagim na may nakakapanood sa takot at pagkabalisa ni Nicole. Napakarami nang kinuha sa kanya ng buhay nitong nakakaraan. Isa sa kakaunting mga bahay na naiwan sa kanya ay ang kanyang dignidad, at mabilis pa iyong nauubos ngayon.

Tiningnan ni Nicole ang slate na sahig at ang transparent console at nagngalit ng ngipin.

Sa dalawang karima-rimarin na pagpipilian, medyo mas marangal ang paglapit sa lalaki para ikalat ang laman ng purse niya sa console kaysa ang maning kayad at ikalat ang lahat ng laman ng bag sa sahig.

Maingat na lumalapit dito—sigurado siyang hindi ito mapanganib, at na hindi siya aatakihin habang may araw sa isang pampublikong gusali, pero *napakalaki* nito at mukhang malupit—narating niya ang marikit na console, inilipat ang vase ng lilies na pinalitan kahapon lang, malawak na binuksan ang purse at ibinaliktad iyon sa ibabaw ng transparent na patungan.

Nakakabingi ang kalansingan sa tahimik na pasilyo.

Habang pinagpapawisan ng malamig sa takot, inisa-isa ni Nicole ang mga gamit sa console, maingat na tumitingin, paulit-ulit, pabulong na binabanggit ang bawat gamit na parang mantra. Lahat ng dapat naroon ay naroon.

Maliban sa susi ng opisina.

Ang laking trahedyang. Napilitan siyang piliin ang mahabang detour dahil sa construction sa Robinson kaya nagbubukas siya ngayon ng opisina nang 9:15 imbis na 9. May isang napakahalagang videoconference siya nang 9:30 kasama ang isang importanteng posibleng kliyente sa New York at ang dalawa sa pinakamagagaling niyang Russian translators para makipagayos tungkol sa isang malaking trabaho. Isang napakalaking trabaho. Isang trabahong maaaring kumatawan sa higit pa sa dalawampung porsyento ng kanyang kita sa susunod na taon. Isang trabahong desperado niyang kailangan.

Patuloy ang paglaki ng medical bills ng kanyang ama na walang nakikitang katapusan. Kadaragdag lang niya ng night nurse para sa weekends at \$2,000 iyon kada buwan. Baka kailanganin ng isang bagong round ng radiotherapy, sabi ni Dr. Harrison noong isang linggo. Isa pang \$10,000. Lahat iyon ay perang wala si Nicole at kailangan niyang kitain. Nang mabilis.

Kung maganda ang takbo ng conference call, baka manatili siya sa unahan ng mga problema niya sa pera, kahit sandali.

Wala talagang oras para tumawid ng downtown para umuwi

at kunin ang mga susi. Huwag nang banggitin ang katotohanang maiistorbo ni Nicole ang tatay niyang may malubhang sakit. Mag-aalala ito, buong araw na mababalisa. Hindi makakatulog sa gabi. Ayaw na ayaw niyang mabalisa ito.

Hindi siya maaaring umuwi sa bahay. At hindi niya kayang kaligtaan ang meeting na ito. Masyadong bago ang kanyang translation business, ang Wordsmith, para ipagsapalaran ang pagpapaliban sa kliyente na ito—ang manager ng isa sa pinakamalalaking hedge funds sa New York na nagbabalak mag-invest sa Siberian gas futures at sa Russian bond market, at nangangailangan ng translations ng technical data sheets at market analyses.

Tumulo ang pawis sa kanyang likod. Nagkuyom ang isa niyang nanginginig na kamay at marahan iyong hinampas sa console, gusto na lang na ipikit sa paghihinagpis ang kanyang mga mata.

*Hindi* ito nangyayari.

“Kaya kong buksan ang pinto mo.” Napakislot siyang muli sa mga katagang binanggit gamit ang napakababa at malalim na tinig. Grabe, nalimutan niya si Sanggano sa paghihirap niya. Maingat siyang pinanonood ng matiim nitong mga mata. “Pero may bayad.”

Hindi ito magandang sandali para sa kanya, pero sa ngayon, payag siyang magbayad ng kahit na ano para makapasok sa

kanyang opisina. Hinahablot ang checkbook mula sa malinaw na ibabaw ng console, binalingan ni Nicole ang lalaki. Pinanood siya nito nang walang ekspresyon sa mukha. Wala siyang dahilang isipin na disente itong klase ng lalaki pero maaari siyang umasa na hindi nito gagamitin ang halata niyang desperasyon para pagkakitaan siya.

*Please*, dasal niya sa diyosa ng mga desperadang babae.

“Okay, sabihin mo kung magkano,” sabi niya, binubukas ang takip, pinipigilan ang sariling mangiwi nang makita niya ang balanse niya. Diyos ko, huwag sana nitong hingin ang mundo dahil dederecho sa pula ang checking account niya. Ipinirmi ng dalaga ang kamay. *Huwag mong hayaang makita ka niyang nanginginig.*

Tiningala niya ito, nakaabang ang panulat sa ibabaw ng kanyang checkbook. “Magkano?”

“Have dinner with me.”

Nagsimula na talaga siyang magsulat, pagkatapos ay natigilan. “Ano—Ano ulit?” Saglit siyang napatitig sa blangkong tseke kung saan sinimulan niyang isulat ang *dinner with Sanggano* sa linya kung saan naroon ang amount.

“Have dinner with me,” ulit nito. Okay, so hindi iyon auditory hallucination.

Bumukas ang kanyang bibig at walang lumabas.

*Have dinner with him?* Hindi niya ito kilala, walang alam tungkol dito maliban sa katotohanang mukha itong... basagulero. Awtomatikong humakbang siya palayo.

Maingat siya nitong pinanonood at marahas na tumango, na para bang may sinabi siyang sinasang-ayunan nito. “Hindi mo ako kilala at tama na maging maingat ka. Kaya simulan natin sa basics.” Inilahad nito ang isang malaki, makalyo, kayumanggi, at medyo maruming kamay. “Sam Reston, at your service.”

Sam Reston? Sam *Reston*?

Hindi nakapagpigil si Nicole. Nagtungo ang kanyang mga mata sa malaki at makintab na brass plaque na nasa tabi ng pinto sa tapat ng pasilyo, na may pangalan ng sa pagkakaintindi niya ay pinakamatagumpay na kompanya sa gusali. RESTON SECURITY. Sinundan ng lalaki ang tingin niya at naghintay hanggang sa muli siyang tumingin dito.

Siguro ito ang black sheep na pinsan ng may-ari ng kompanya. O kapatid. O kung ano.

Kailangan itong tanungin. “Ah, kamag-anak ka ba ni Mr. Reston?”

Mabagal itong umiling, hindi inaalis ang matiim na mga mata mula sa kanya. “Sa akin ang kompanya.”

Oh. Wow. Nakakahiya.

Nakatayo ito roon, nakalahad pa rin ang kamay. Ipinagpilitan

ng mga magulang ni Nicole sa kanya ang kabutihang asal. Nakipagkamay siya sa mga maniniil at mga diktador at mga pinaghihinalaang terorista sa mga embahada sa buong mundo. Literal na imposible para sa kanya ang hindi ilagay ang kamay sa palad ng kausap.

Maingat niya iyong ginawa, at tinabunan lang ng kamay nito ang sa kanya. Napakainit ng balat ng palad nito, may mga kalyo at matigas. Isang saglit siyang natakot na baka isa ito sa mga lalaking nangangailangang patunayan ang kakisigan nito sa kapangyarihan ng pakikipagkamay nito. Dudurugin ng kamay ng lalaking ito ang sa kanya nang walang kahirap-hirap at nasa keyboard ang pangkabuhayan niya.

Sa walang humpay niyang kaginhawahan, marahan lamang nitong pinisil nang tatlong segundo ang kanyang kamay bago iyon pinakawalan.

“N-nice to meet you,” pautal-utal niyang saad, dahil sa totoo lang, ano pa ba ang maaari niyang sabihin? “Um—” At desperado nang kailangan niyang makapasok sa kanyang opisina. *Ngayon na.* “My name is Nicole Pearce.”

“Oo, alam ko, Miss Pearce.” Pormal nitong itinungo ang ulo. Napakadilim ng mga mata nito at—napagtanto niya—napakatalino.

Nakatingin sila sa isa’t isa, naninigas sa kinatatayuan si Nicole, si Sanggano—hindi, si Sam Reston—ay kasing-tahimik



ng isang madilim na estatwang marmol. Walang tunog, walang-wala. Halos maaaring walang tao sa gusali, ni wala ang normal na tunog ng air-conditioning o ang pag-akyat-baba ng mga elevators.

Hindi kumikilos ang lahat, nasa suspended animation.

Sa wakas ay huminga nang malalim si Nicole.

Oooooo-kay.

Well, mukhang hindi serial killer o drug dealer si Sanggano—si Sam Reston. At ang totoo ay ito ang may-ari ng kompanyang alam niyang matagumpay. Ang tagumpay ng Reston Security ang bumubuo ng malaking bahagi ng mga tsismis sa Morrison Building. Siguradong higit na mas matagumpay ang Reston Security sa Wordsmith, na nananatiling buhay dahil sa paminsan-minsang IV line ng mga bagong kliyente.

Kung ang mukhang mapanganib, napaka-scruffy na lalaking nasa harapan niya ay si Sam Reston ng Reston Security, siguradong kaya niya itong gawin.

Ang isang kasunduan ay isang kasunduan. Kung mabubuksan nito ang pinto niya at mapahintulutan siyang abutan ang videoconference call niya, higit pa sa kayang bayaran ng dalawang oras na pagkain ng hapunan ang utang niya rito.

Tahimik siya nitong pinapanood, nakatayo at hindi kumikilos.

9:23. Huminga siya nang malalim. “Okay, may dinner date

ka para sa isang gabing ikaw ang mamimili.” Sumenyas siya sa likuran. “Pero kailangan mong buksan ang pinto ko, Mr. Reston, ngayon na. May napakaimportante akong business call nang eksaktong 9:30 at kung hindi ko abutan ang tawag na iyon, wala na ang kasunduan natin.”

Seryoso nitong itinango ang ulo. “Patas lang. At ang pangalan ko ay Sam.”

“Nicole.” Nagngalit ng ngipin si Nicole, sinusulyapan ang malaking relo sa dulo ng pasilyo at ngumingiwi. Kung paano man siya papapasukin ni Sam Reston sa kanyang opisina, kailangan nitong gawin iyon sa loob ng susunod na anim na minuto, kundi patay siya. “Naisip ko lang... may building super ba na may master key?”

“Wala.” Umiling ito. “So—we have a deal?”

“Um, oo. We do.” Muntik nang hindi mapigilan ni Nicole na itapik ang kanyang daliri sa paa.

“Lalabas ka para sa dinner kasama ko mamayang gabi?” pilit nito. Sa kanyang tingin, ikinibit nito ang malapad na mga balikat. “Mula nang umalis ako sa Navy at naging negosyante, natutunan kong siguruhin ang mga kasunduan.”

Actually, mukha itong iyong klase ng lalaking magpapatupad ng mga kasunduan habang may nakatutok na baril. Pero nakapangako siya.

“Bilang negosyante rin, natuto akong tuparin ang mga sinabi ko. Kaya oo, tinatanggap ko ang imbitasyon mo. Ngayon, pakibuksan ang pinto ko. At kung sisipain mo ’yan pabukas, aasahan kong babayaran mo ang masisira mo.”

“Siyempre,” bulong nito.

Tinapunan ng tingin ni Nicole ang kanyang relo. Damn. Inabot siya ng ilang araw para i-set up ang conference call na ito. Ang kliyente ay isang Wall Street ‘Master of the Universe,’ halos imposibleng mapako sa isang appointment.

Ang tinutukoy na ‘Master’ ay matandain at kapag sinabi nitong 9:30 conference call, 9:30 impunto iyon hanggang sa segundo, at alam niyang hindi ito tatawag muli kung wala siya sa linya. Sa isang marahas, nasal na New York accent, habang tumatagas ang mga salita nang mas mabilis kaysa sa naiintindihan niya, sinabi nito na hindi nito maaaring hayaang may magsayang sa oras nito dahil isang libong dolyar kada minuto ang halaga ng oras nito.

Apat na minuto na lang. Mawawala sa kanya ang appointment, at malamang ang kliyente. So much for...

Nag-angat siya ng paningin mula sa kanyang pupulsuhan at kumurap.

Malawak na nakabukas ang kanyang pinto kung saan mula sa likuran ay kumakaway ang kanyang maliit at magandang opisina.

Ibinaling ni Nicole ang nagulat niyang paningin kay Sam Reston na tumutuwid at kumikilos palayo mula sa kanyang pinto. “Paano mo *ginawa* ’yan? Sinundot mo ba ’yung lock?” Siguradong kailangan ng pagsisikap ang pagbubukas ng lock, di ba? Ng oras? Sa mga pelikula, habambuhay na inaalog ng magnanakaw ang lock.

Hindi ito mukhang mayabang o mapagmalaki. Sa katunayan, nakasimangot ang lalaki. “Ni hindi ka nagdagdag sa building security,” sabi nito na nang-aakusa ang malalim na tinig.

“Um, hindi.” Pakiramdam ni Nicole ay nahulog siya sa isang rabbit hole. Binigyang-diin ng real-estate agent ang magaling na seguridad ng gusali at siniguro ang kalidad ng mga kandado ng opisina. “Kailangan ko ba?”

“Oo naman. Kung kasing walang kwenta ’yun nito.” Mas lumalim ang simangot ni Sam nang may ibulsa ito. Kahit pa gusto niyang makita kung lockpick iyon, wala siyang oras na maaaring sayangin.

Isa pang sulyap sa kanyang relo at nagmadaling pumasok sa kanyang opisina si Nicole. Kaunti na lang at mahuhuli na siya sa video conference.

May kulang-kulang na dalawang minuto na lang siya.

“Salamat, Mr. Reston. So I guess—”

“Sam.”

“Sam.” Nagngalit siya ng ngipin. Isang minuto at kalahati ang natitira. “Sabihin mo sa ’kin kung saan tayo magkikita at kailan.”

Mas lumalim pa ang simangot nito. “Hindi puwede. Susunduin kita sa bahay mo.”

Wala nang oras para makipagtalo, ni walang oras para tumirik ang kanyang mga mata. “Okay. Sabihin nating seven? Nakatira ako sa Mulberry Street. Three forty-six Mulberry Street. Okay ba ’yun?”

“Mabuti. Nandoon ako nang seven para sunduin ka.” Kumibot ang kalamnan sa panga nito kahit pa mababa at tahimik ang mga salita.

Malayo ba ang bahay nito? Kung kailangan nitong magmaneho papunta sa kabilang banda ng bayan, kasalanan nito. Payag sana siyang makipagkita rito sa restaurant.

Tumalikod ang lalaki, isinara niya ang pinto at nag-ring ang telepono.

Lumundag si Nicole para sagutin iyon, narinig ang nasal na tono ng Master. Umabot siya! Mahal ang bayad pero umabot siya.